

514

Ang VIA ay nakatuon sa mga layunin ng pantay na pagkakataon ng trabaho at positibong aksiyon. Ang layunin nito ay makakamit sa pamamagitan ng

- Pagtiyak na ang antas at kalidad ng serbisyo ng VIA o ang iba pang mga benepisyo ay ipinagkakaloob ng walang pagtatangi sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan o disabilidad o kawalang kaya.
- Itaguyod ang buo at patas na paglahok ng minorya at ng populasyon ng mga mababa ang kita sa mga desisyong may kinalalaman sa transportasyon ng VIA.
- Pumigil sa pagtangi, pagbabawas o pagkaantala sa mga benepisyo na may kaugnayan sa mga programa at mga gawain sa pamamagitan ng mga taong may limitadong Ingles.

Pamamaraan

Kung ang paniwala ng isang tao ay maari siyang naging obheto ng diskriminasyon laban sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan o disabilidad ay maaring magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng Office of Equal Employment Opportunity(EEO).

Ang mga kostumer na nangangailangan ng tulong sa wikang Ingles ay maaring makipagkita sa VIA Customer Service Department, na nasa 1021 San Pedro, San Antonio, Texas 78212. Ang kanilang telepono ay (210) 362-2020.

Pagsumbong ng Reklamo

Ang reklamo ay dapat isampa sa loob ng 180 na araw mula noong mangyari ang nasabing diskriminasyon. Kailangang isulat ang reklamo, at ipadala sa VIA. Bigyang pansin ang EEO Office, 800 West Myrtle, San Antonio, Texas 78212. Ang telepono ay (210) 362-2075 o sa pamamagitan ng <http://www.viainfo.net> o sa paggamit ng e-mail ni EEO.officer@viainfo.net. Ang susunod na hakbang ay i-forward ito sa VIA EEO Officer. Ang sinomang mangagawa ng VIA na nakasaksi o nakabalita ng kaso na may kinalalaman sa diskriminasyon ay inaanyayahang sabihan ang CEO Officer para maasikaso ito.

Ang sinomang mangagawa ng VIA na nakaalam ng kasong may kinalalaman sa sumbong tungkol sa diskriminasyon ay inaasahang kaagad na pagsabihan ang opisyal ng EEO, bang noon ay maasikaso ito.

Bukod pa sa pagamit ng pamamaraang Title VI sa VIA, maaring maghain ng isang Title VI na reklamo

sa Federal Transit Administration (FTA) and isang may sumbong. Ito ay ang Office of Civil Rights. Tawagan ang pansin ng: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor, TCR. 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590.

2.2 Laman ng Reklamo

Kailangang magkaroon ng isang panglalarawang salaysay ng mga sumbong at dapat ay may sapat na detalye, bang noon ay maunawaan ng opisyal ng EEO kung ano ang nangyari, kalian ito naganap at ang batayan ng reklamo tungkol sa diumano'y reklamo (Halimbawa: lahi, kulay pinagmulang bansa atb.)

Kinakailangan ding isali sa sumbong ang lahat ng impormasyon na may kinalaman sa may reklamo. Kasali na rito ang pangalan, direksiyon, numero ng telepono at ang iba pang “contact information” ng mga saksi, o mga taong may kaugnay na kaalaman.

Kailangang ilagay ang petsa ng reklamo at kasama na ang pirma ng may reklamo or ang kaniyang kinatawan.

2.3 Pagsusuri ng Reklamo

Susuriin ng opisyal ng Equal Employment Opportunity ang reklamo upang pagpasyahan kung ito ay sakop ng Office of Equal Employment ng VIA, batay sa sumusunod na pamantayan:

- Kung ang nagreklamo ay kasapi ng isang ipinagtatanggol na pangkat
- Kung ang naghahabla ay nakatanggap ng tratong diumano'y may pagtatangi, basado sa rasa, kulay, pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan o limitadong kaalaman sa Ingles.
- Kung – ayon sa may reklamo – ang keha ay ukol sa isang tratong nakakaligalig na bunga ng diskriminasyon.

Kung sa palagay ng opisyal ng EEO na nasa ilaliim ng kanilang hurisdiksiyon ang kaso, sisimulan ang imbestigasyon. Lahat ng reklamo ay maliksing pagaaralan at hahawakan ito sa isang paraang lihim o kompidensiyal.

Kung sakali na walang kinalaman ang hurisdiksiyon sa opisina ng EEO bagamat nasa ibang departamento, ipapasa ang reklamo sa nararapat na departamento upang magkaroon ng resolusyon.

2.4 Proceso ng Pagsisiyasat

Susundin ng opisyal ng EEO ang mga sumusunod na hakbang, upang siyasin ang di-umano'y diskriminasyon na naganap. Kasali ng pagsisiyasat ang sumusunod:

Pakikipag-ugnay sa division / department manager, upang malaman kung saan naganap and nasabing discriminasyon upang malaman kung ang pagsisiyasat ay pinasimulan na, at kung ano ang kinalabasan ng pagsisiyasat.

Pagkilala at pagsuri ng lahat ng kaugnay na mga dokumento, practicas at mga pamamaraan upang matukoy ang naaangkop na resolution at

pagkilala at kapanayanin ang mga taong may kaalaman sa mga di-umano'y diskriminasyon, tulad ng mga nagrereklamo, mga testigo; mga taong naranasan din ang katulad na diskriminasyon; aktibidad, at / o sinumang iba pa na may-katuturan

2.5 Kasunod na mga reklamo at binagong mga reklamo

Anumang mga kasunod na reklamo o binagong reklamo ay dapat isampa, sa pamamagitan ng paggamit ng forma'ng Discrimination Complaint. Maari ring ipasok ito sa pamamagitan ng e-mail o iba pang mga nakasulat na format. Muling susuriin ng opisyal ng EEO ang bawat isa sa mga sumbong at binagong reklamo upang malaman kung matatag at kayang tumayong magisa ang reklamo, o kung ito ay isasali sa orihinal na sumbong at pagsisiyasat

2.6 Pagkumpleto ng pagsisiyasat/ disposisyon

Sa oras na makumpleto ng pagsisiyasat, ang opisyal ng EEO ay maghahanda ng isang ulat, tungkol sa mga usisa at natuklasan para sa pangulo / CEO . Ang proseso ng pagsisiyasat at huling ulat ay dapat na makumpleto sa loob ng animnapung (60) araw ng trabaho.

Ang opisyal ng EEO ay magtatalaga ng pagbibigay sa bawat reklamo tulad ng sumusunod:

Mga reklamong napatunayan -Kung may sapat na katibayan upang patunayan ang (mga) paratang, ang reklamo ay isasaalangalang na napatunayan na . Upang maitama ang mali, ang tamang kilos na panlunas ay kaagad na susundin. Higit pa rito, ang pátakarang ito at ang pamamaraan sa pagbabawal ng discriminasyon ay susuriin, kasama ang maysala. Isasagawa ang nararapat na aksiyong pandisiplina at/o pagsasanay, alinsunod sa patakarang pandisiplina ng VIA.

Hindi Napatunayan – Kung hindi sapat ang ebidensiya upang patunayan ang sumbong, ang reklamo ay isasaalangalang na hindi napatunayan.

2. 7 Proseso ng pitision o panawagan

Kung ang nagrereklamo ay hindi nasiyahan sa mga pag-aayos o resolusyon ng sumbong at nais magreklamo, i-apela ang desisyon. Maaaring niyang ipaabot ang panawagan sa Panulo / CEO ng VIA sa

800 West Myrtle, San Antonio, Texas, 78212 o sa Federal Transit Administration.

Ang panawagan sa pangulo ng VIA ay dapat na sa pamamagitan ng sulat, na kailangang ipadala sa loob ng 30 araw ng trabaho mula sa pagbibigay ng reklamo. Isama ang pangalan, direksiyon, at numero ng telepono ng nagrereklamo, at dapat na ihayag ang dahilan kung bakit hindi naniniwala ang may reklamo na ang resolusyon ay mali. Ang Pangulo at CEO ng VIA ay magtatakda ang isang sinang sa oras at lugar para sa isang pagsusuri, pagsasaalang-alang sa pag-apela sa nagrereklamo . Ang pangulo ay magbibigay ng nakasulat na pagpapasiya ng apela sa loob ng labinlimang araw ng negosyo mula sa petsa ng pagsusuri.

Ang pag-apela sa Federal Transit Administration ay maaaring ipadala sa Federal Transit Administration (FTA), Office of Civil Rights . Tawagin ang pansin ng Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor, TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, DC 20590

2.8 Implementasyon ng Aksiyong Panglunas

Kung sa anumang oras ang isang paglabag sa pátakaran ay nakita na umiiral, kaagad na isasagawa ang mga nakagagaling na hakbang.

2.9 Mga pangangailangan ng Opisyal ng EEO na ang pananagutan ay ang pagiingat ng talaan at pag-uulat .

Katungkulan ng opisyal ng EEO ang ingatan ang lahat ng mga kinakailangang record at magbigay ulat, ayon sa pátakaran at pamamalakad ng organisasyon.